



#### Aralin 4

### “LUMAPIT KAYO SA AKIN”

*Mateo 11:25-30*

**LAYUNIN:** Pagkatapos ng araling ito...

- Mauunawaan ninyo kung para kanino ang paanyaya ni Jesus na lumapit sa kanya at ano ang ibig sabihin ng paglapit na ito.*
- Pahahalagahan ninyo ang laki ng biyayang igagawad ni Jesus sa sinumang lalapit sa kanya kung ikukumpara ito sa mga panandaliang solusyon ng tao.*
- Aalamin ninyo ang isang kabigatang karaniwang pinapasan ninyo sa pamamagitan ng sariling lakas at sama-sama itong idudulog sa Diyos sa panalangin.*

#### PANIMULA

1. Maaari mo bang ibahagi ang isang araw na pagod na pagod ka (hindi lamang sa pisikal, kundi emosyonal at espirituwal)? Ano ang dahilan bakit ka pagod na pagod noon?

**Tulay sa Pag-aaral:** Ang pisikal na katawan natin, kapag napagod, madaling ipahinga. Ngunit kung nararamdaman natin ang espirituwal at emosyonal na kapaguran, mas mahirap solusyunan. Ganito ang kalagayan ng mga taong inaanyayahan ni Jesus na lumapit sa kanya. Noong panahon ni Jesus, ang mga tao ay pagod na pagod na rin sa pagsunod sa kanilang relihiyon na nag-aakalang mapapalapit sila sa Diyos sa pamamagitan nito. Ngunit sa halip na kapahingahan, pagod ang dulot nito. Kaya inaanyayahan sila ni Jesus. [Basahin ang Mateo 11:25-30.]

#### PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 28. Paano niya isinalarawan ang mga taong inaanyayahan niyang lumapit sa kanya? Ito ba ay paanyaya sa hindi pa Cristiano o sa Cristiano na? O pareho? Patunayan ang sagot.
3. Sino ang dapat nating lapitan? Sino si Jesus ayon sa verse 27? Paano ito makapagbibigay sa atin ng kumpiyansa na dapat sa kanya tayo lumapit? Maaari ding basahin ang Mateo 28:18 at Juan 14:6.

4. Alam nating kay Jesus lamang tayo dapat lumapit. Ngunit anong bagay o gawain o sinong tao ang karaniwang nilalapitan natin kung napapagod tayo o nabibigatan?
5. Ayon sa verse 28, ano ang ibibigay ni Jesus sa mga taong lumalapit sa kanya? Basahin din ang Juan 7:37; 4:14; 6:35; at Isaias 55:1-2. Bakit sa tingin ninyo ipinagpapalit ito ng maraming tao sa mga bagay na hindi makapagbibigay ng tunay na kasiyahan?
6. Basahin ang verses 29-30. Ano ang ipinapakita dito na ibig sabihin ng paglapit kay Jesus? Sa tingin ng iba mabigat itong gawin. Sa tingin mo, bakit hindi ito isang kabigatan?
7. Bakit sa tingin ninyo maraming tao ang hindi lumalapit at handang sumunod kay Jesus? Ikumpara ang mga sagot sa sinabi ni Jesus sa verse 25.
8. Ayon din dito at sa verses 26-27, paanong ang isang tao, na patay sa kasalanan at likas na makasarili, ay lalapit kay Jesus? Tingnan din ang Juan 6:44. Ano ang epekto nito sa pagtingin natin sa gawa ng Diyos sa buhay natin?
9. Bakit sa tingin ninyo mahalaga ang panalangin sa paglapit natin kay Jesus? Ano ang ipinapakita nitong damdamin ng isang taong lumalapit sa kanya sa panalangin?

#### PAGSASABUHAY

9. Anong mga bahagi ng buhay mo ang pinagpapaguran mo sa pamamagitan ng iyong sariling lakas? Ano ang nakahahadlang sa iyo na lumapit kay Jesus?

##### SA SUSUNOD?

- Isaulo ang Mateo 11:28.
  - I-text o kaya'y tawagan ang isang kapatid at itanong kung paano maipapanalangin.
10. Sama-samang dumulog sa Diyos sa panalangin at ipagkatiwala ito sa kanya.